# ICT Aralin 7

## LIGTAS AT RESPONSABLENG PAMAMARAAN NG PAMAMAHAGI NG MGA DOKUMENTO AT MEDIA FILES

**I. NILALAMAN**

Dapat maging ligtas at responsible sa pamamahagi ng mga dokumento at media files gamit ang Information and Communication Technology ( ICT) katulad ng computer, email at internet at mga social media files gaya ng Facebook at Instagram.Kailangang mahusay na mapag- aralan ang mga datos at gabay sa ligtas at responsableng pamamaraan ng pamamahagi ng mga dokumento at media files.

**II. LAYUNIN**

1. Matuto na makapamahagi ng mga dokumento at media files sa ligtas at responsableng pamamaraan.
2. Naipapaliwanag ang mga panuntunan sa ligtas at responsableng pamamaraan ng pamamahagi ng mga dokumento at media files.

**III. PAKSANG ARALIN**

**Paksa:** Ligtas at Responsableng Pamamaraan ng Pamamahagi ng mga Dokumento at Media Files.

**Sanggunian:** K to 12 – EPP5IE-0c-7

**Kagamitan:** cell phone, computer, internet access, LCD projector, manila paper, Pentel pen

**IV. PAMAMARAAN:**

**A. PAGGANYAK**

1. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga gabay na tanong sa Alamin Natin s LM p ____.

   **Panggabay na Tanong:**
   - Ano ano ang mga nakikitang kagamitan sa bahay, paaralan at mga lugar- pasyalan na produkto ng makabagong teknolohiya?
   - Makatutulong ba ang pagkakaroon ng mga kagamitang ito? Bakit?

2. Itala ang mga sagot sa pisara. Tanggapin lahat ang mga sagot ng bata.
3. Iugnay ito sa paksang tatalakayin sa LM.

**B. PAGLALAHAD**
**( Unang Araw)**

**Gawain A. Mag Skit Tayo**

1. Bumuo ng apat na pangkat. Pipili ng lider ang bawat grupo.
2. Ipaliwanag sa mga bata ang mga pamamaraan sa pagsasagawa ng Gawain A sa LM.
3. Bigyan ng sapat na panahon ang bawat pangkat upang magawa nila ang skit tungkol sa mga sumusunod.

   Pangkat 1 at 2: Pamahagi ng mga dokumento at media files sa ligtas at responsableng pamamaraan.
   Pangkat 3 at 4: Pagsunod sa mga panuntunang dapat tandaan sa ligtas na Pamamaran ng pamamahagi ng dokumento at media files.
4. Ipakikita ng bawat pangkat ang skit na nabuo.

**Gawain B. Mga Gabay sa Ligtas at Responsableng Pamamahagi ng Media Files.**

1. Mula sa talakayan at sa mga naunang Gawain, ang mga mga- aaral ay magtatala ng mahahalagang paalala para sa ligtas at responsableng pamama-raan ng pamamahagi ng media files gamit ang graphic organizer sa LM.
2. Bigyan ng sapat na panahon ang bawat pangkat upang magawa ang graphic organizer.
3. Isulat sa pisara ang mga sagot ng mag- aaral. Tanggapin lahat ng sagot ng mag- aaral.

(**Ikalawang Araw)**
**Gawain C. Patakarang Gagawin Natin...Dapat nating Sundin..**

1. Ipabasa at ipaliwanag ang mga alituntunin sa ligtas at responsableng pama-maraan ng pamamahagi ng dokumento at media files. Ito ay dapat nakasulat sa visual aids.
2. Pangkatin ang klase sa apat na grupo.
3. Bigyan ng mga materyales na gagamitin ang bawat grupo tulad ng manila paper at pentel pen.
4. Mula sa nabasang alituntunin, ang bawat grupo ay gagawa ng patakaran sa pamamahagi ng dokumento at media files. Maaaring 3 hanggang 5 lamang bawat patakaran.
5. Iuulat ng bawat lider ang kanilang nabuong patakaran hanggang sa makapag-ulat ang lahat ng mag- aaral.
6. Gagawa ng pangkalahatang patakaran sa pamamahagi ng mga dokumento at media files ang klase mula sa ulat ng mga grupo na papatnubayan ng guro.
7. Ipasulat ito sa kartolina o manila paper at lagyan ng mga disenyo.

### C. PAGLALAHAT

- Ano ang mga dapat mong gawin upang makasunod sa sa mga pamantayan ng ligtas at resposableng pamamahagi ng mga dokumento at media files?
- Ibigay ang mga panuntunang dapat sundin sa pamamahagi ng dokumento at media files?

### D. PAGSASANIB

Itanong sa mga mag-aaral: Anong wastong pag-uugali ang dapat isaalang-alang sa pakikipagkomunikasyon gamit ang internet?

## V. PAGTATAYA:

Pasagutan sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

**a.** Pasagutan ang Kaya Mo Na Ba sa LM.

## VI. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN

- Magsaliksik sa aklatan o iba pang pagkukunang impormasyon tungkol sa pamamahagi ng mga dokumento at media files.

## KARAGDAGANG SANGGUNIAN:

https://**school**.**quipper**.com